

Taon XXXV Blg. 12 Hunyo 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Lumalalang krisis pangkabuhayan

COPRA

atitindi ang hagupit ng lalong lumalalang krisis pangkabuhayan sa Pilipinas, laluna sa panig ng masang anakpawis.

Mabibigat na bigwas ang dulot sa mamamayan ng kamakaila'y sunud-sunod at walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga saligang pangangailangan.

laga upang mabuhay nang di-

sente sa araw-araw. Samanta-

la, nakapako ang napakababa

na ngang sahod ng

Palaki nang palaki ang kinakailangang ha- Palaki nang palaki ang kinakailangang ha-

mga manggagawa at kapos na kapos ang kita ng mga magsasaka at iba pang anakpawis.

Nitong Hunyo 17, itinaas na naman nang ₱1.70 kada kilo ang presyo ng liquefied petroleum gas (LPG). Pagkatapos ng eleksyon, dalawang beses itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng gasolina

at krudo. Hindi pa nasasapatan sa pito hanggang walong ulit nang pagtataas sa presyo ng mga produkto nila sa loob ng taong ito, balak na naman nilang muling magtaas ng presyo pagpasok ng Hulyo.

Patuloy naman ang pagtatangka ng Meralco na itaas ang singil sa kuryente. Ito ay sa kabila ng pagdedeklara ng Korte Suprema na naging abusado ang Energy Regulatory Commission (ERC) at iligal ang inaprubahan nitong 12 sentimo kada *kilowatt-hour* na pro-

bisyunal na pagtataas sa singil ng MERALCO mula Nobyembre 2003. Bukod pa ito sa

13.7 sentimo/kwh na idaragdag sa singil ng MERALCO mula Hulyo at sa 14-38 sentimo/kwh na karagdagang singil ng NAPOCOR para sa isinusuplay nitong kuryente sa MERALCO at iba pang *distributor*. Ipapabalikat pa rin ito sa publiko sa pamamagitan ng dagdag na bayarin sa kuryente.

Nakaamba ring itaas ang singil sa serbisyo sa tubig. Mula nang ipatupad ang deregulasyon at pribatisasyon ng *public utilities*, aabot na nang mahigit 500% ang pagtaas ng mga singil dito.

Bukod pa sa mga ito, balak magpataw ang re-

Mga tampok sa isyung ito...

Mga kaso ng pagpatay isinampa laban sa militar

PAHINA 5

Panibagong anomalya sa AFP, nabunyag

PAHINA 7

Kampanyang anti-malarya ng BHB PAHINA 8 himen ng mga karagdagang buwis para mapunan ang patuloy na lumalaking depisit sa badyet at mabayaran ang walang tigil sa paglaking utang ng gubyerno. Isa pang binabalak na pagkukunan ng malaking pampuno sa depisit ng gubyerno ang pagdagdag ng 50-100% buwis sa konsumo ng *softdrinks*.

Samantala, patuloy na lumalaki ang disempleyo. Ayon mismo sa pinakahuling mga estadistika ng gubyerno noong Abril, nadagdagan ng dalawang milyon mula sa nakaraang kwarto ang siyam na milyong wala o kulang sa trabaho. Kung ihahambing sa mga pigura noong Abril 2003, lumaki mula 27.8% tungong 32.2% ang tantos ng disempleyo at kakulangan ng trabaho. Lubhang maliit pa kung tutuusin ang mga pigurang ito. Ang totoo, umaabot sa mahigit kalahati ng lakas paggawa ng bansa ang wala o kulang sa mapagkakakitaan.

Di rin maipagkakaila, kahit ng reaksyunaryong gubyerno, ang talamak na kahirapan sa buong bansa. Aabot sa 90% ng mamamayan o halos 72 milyong Pilipino ang nabubuhay sa halagang ₱137 bawat araw, na 55% lamang ng minimum na arawang sahod sa Metro Manila

at 29.4% ng kinakailangang halaga para mabuhay nang disente ang isang anim-kataong pamilya.

Inutil ang kasalukuyang rehimen sa paglutas ng mga problemang pangkabuhayan ng mamamayan at paghatid ng anumang kaluwagan. Ang tugon pa ng rehimen sa tumitinding kahirapan ay ibayong pagpapahigpit ng sinturon at ang nakaiinsultong payo na magtiis na lamang.

Sa katunayan, ang pagbagsak sa kabuhayan ng mamamayan ay sadyang kagagawan ng gubyerno. Sadyang sinasagkaan ng gubyerno ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor at sweldo ng mga kawani ng gubyerno. Ang bahagyang ginhawa na nakamit ng mga tsuper ay dumaan sa napakatinding pakikibaka at pakikitunggali. Ang maliit na kaluwagang dulot sa kanila ng pagtaas ng pamasahe ay mabilis ding nababawi sa muling pagtaas ng presyo ng krudo at mga pyesa ng sasakyan.

Sa kabilang banda, alinsunod sa patakaran ng neoliberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon, binibigyan ng gubyerno ng lubos na karapatan ang mga imperyalista at lokal na



mga galamay nila na dambungin ang ekonomya.

Hinahayaan nito ang mga imperyalista na bahain ang bayan ng kanilang sobrang produkto at wasakin ang mga produktibong pwersa sa lokal na agrikultura at industriya.

Para maakit ang dayuhang kapital, binibigyan ang mga imperyalista ng lubos na laya sa pagpasok at paggalaw ng kanilang puhunan at negosyo. Pati mga estratehiko at pampublikong serbisyo ay ipinaubaya na sa mga dayuhang kumpanya at mga kumprador na katambal nila. Natural na resulta nito ang walang awat at sobra-sobrang pagtataas ng presyo ng produktong petrolyo at iba pang saligang bilihin at serbisyo.

Nitong taon, pinahintulutan ng rehimen ang pagtataas ng singil sa kuryente at ng buwis upang makabawi sa inako nitong mahigit P500 bilyong utang ng NAPOCOR alinsunod sa mga probisyon ng kontramamamayang Electric Power Industry Reform Act.

Wasak ang pambansang ekonomya ng Pilipinas at ang kabuhayan ng karaniwang mamamayan. Nasa kamay na lamang ng mamamayan at ng rebolusyonaryong kilusan ang kalutasan nito.

Sa harap ng ganitong kalagayan, napakahalaga ng pagsusulong

ANG Bayan

Taon XXXV Blg. 12 Hunyo 21, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Lumalalang krisis pangkabuhayan 1
Hindi mapapanatag si GMA 3
Pananalanta ng pasistang estado

Mga kaso ng pagpatay ng militar 5
Araw ng Desaparecidos 5
Panibagong anomalya sa AFP 7
Kampanyang anti-malarya ng BHB 8
Ang sakit na malarya 8
Pagpapabaya ng gubyerno 9

Mga ulat-koresponsal Mga tagumpay ng BHB sa EV

Matatagumpay na opensiba 10
Balita 12

10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ng iba't ibang paraan ng pakikibaka:

Naririyan ang mga pang-ekonomyang pakikibakang masa sa kani-kanilang lugar ng produksyon—mga pabrika, mga sakahan, mga upisina at iba pa. Mahalagang dalhin ang mga ito sa kalsada at sa pangkalahatang publiko, tuligsain at labanan ang mga patakaran ng gubyerno na naglulubog ng ekonomya sa ibayong krisis at ng mamamayan sa ibayong pagkakabusabos, igiit ang paglutas ng mga kagyat na usaping pangkabuhayan at kamtin ang kahit kaunting kaluwagan.

Mahiqpit na tungkulin ngayon ng Partido na pamumuan at pagibayuhin ang mga pakikibakang pangkabuhayan, iugnay at ikumbina ang mga ito sa mga pumuputok na protesta laban sa pinakamarahas at pinakamaruming eleksyon sa buong kasaysayan ng Pilipinas, samantalahin ang tumitinding bangayan sa hanay ng mga reaksyunaryo at ang nagaganap na malaking kaguluhan, paralisis at panghihina ng reaksyunaryong paghahari bunga ng di nareresolbang pagkapanalo sa eleksyong pampanguluhan, at yanigin ang buong reaksyunaryong sistema sa kapakinabangan ng rebolusyonaryong kilusan.

Kaalinsabay, patuloy na pasisiglahin ang pagpapatupad ng mga rebolusyonaryong programang so-

syo-ekonomiko sa mga saklaw at base ng Bagong Hukbong Bayan. Habang tuluy-tuloy and pagpapatupad ng rebolusyong agraryo at ang pagsusulong ng mga pangmatagalang pakikibaka para sa pundamental na pagbabago ng buong sistema, malaki na ang maitutulong ng mga sariling paunang-lunas ng mamamayan sa pamumuno ng Partido, Pulang hukbo, mga rebolusyonar-

yong organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Gayundin, puspusang pagsisikapan at igigiit ng *peace panel* ng National Democratic Front at mga konsultant nito ang pagpapasok ng pinakamaraming mahahalagang kagyat at pangmatagalang repormang sosyo-ekonomiko sa borador ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) na sesentruhan ng mga susunod na

> talakayan sa negosasyong pangkapayapaan sa Hunyo 22-25 sa Oslo, Norway. Ang CASER ang ikalawang sustantibong advenda sa usapang pangkapayapaan. Katulad ng papel ng CARHRIHL sa usapin ng karapatang-tao, ang CASER ay magagamit ng rebolusvonaryong kilusan at ng mamamayan sa pagsusulong ng mga pang-ekonomyang pakikibaka at kapakanan ng mamama-

yan sa loob at labas ng mga rebolusyonaryong base, habang hindi pa lubusang naipapanalo ang rebolusyon at hindi pa nakakamit ang ganap na pagbabago ng sistemang pang-ekonomya at panlipunan sa bayan.



MALACANANG

Hindi mapapanatag ang paghahari ni GMA

abang humihigpit ang maniobrahan at umiigting ang girian sa hanay ng mga pangunahing nagbabanggaang kampo ng mga reaksyunaryo, lalo ring tumitindi ang pandarahas, panggigipit at pananakot ng reaksyunaryong estado sa mga demokratikong pwersa at lehitimong nagproprotestang mamamayan, bukod pa sa mga pangunahing karibal ng nakaupong rehimen sa reaksyunaryong paghahari.

Todo-todo ang pandaraya at iba pang panggugulang ng kampo ni Arroyo para makapanatili lamang sa poder. Hindi naging sapat ang bilyun-bilyong pondo at mga programa ng gubyerno na ginamit ng kampo sa kampanya upang matiyak ang pagkapanalo ni Arroyo.

Iginigiit ng kampo nina Fernando Poe Jr., ang pinaka-

mahigpit na karibal ni Arroyo, na sila ang nanalo. Naglabas sila ng mga ebidensya ng mga pagdodoktor sa mga election returns at sinisikap nilang pabuksan at ipaeksamin ang mga kahina-hinalang election returns na paulit-ulit namang hinarang ng kampo ni Arroyo. Ang mga pakulo at bangayan ng magkasalungat na kampo ang nagpatagal sa pagbibilang.

Sa desperasyong matiyak ang proklamasyon ni Gloria Arroyo at Noli de Castro bilang nagwaging presidente at bise-presidente, gi-

nagawa ng rehimen ang lahat ng hakbangin at maniobra laban sa mga karibal at sa nagpoprotestang mamamayan. Brutal nitong sinupil ang mga aksyong protesta habang minadali ang pagbibilang at proklamasyon.

Libu-libong armadong "anti-riot" na pulis, bukod pa sa mga pwersa ng AFP National Capital Regional Command, ang ipinakat para pigilin at buwagin ang mga rali at iba pang anyo ng protesta ng mamamayan. Kahit ang pagpuna lamang kay Arroyo at pagprotesta sa mga pandaraya ng rehi-

men ay itinuring nang mga paglabag sa batas at sapat nang dahilan upang buwagin ang mga nagrarali. Ikinakatwiran ng Malakanyang na ang mga lansakang pandarahas na ito ay laban sa mga "ahente ng anarkiya at pambansang kaguluhan." Walang pinag-iba ito sa pagtawag ni Hitler sa mga tumututol noon sa pasistang rehimeng Nazi.

Upang maisakatuparan ang patakarang kamay na bakal, abalangabala sina National Security Adviser ng Malakanyang na si Norberto Gonzales, ang militar, pulisya at

mga tauhan sa paniktik at saywar sa pagluluto ng kung anu-anong senaryo ng destabilisasyon na di-umano'y binabalak at ipinapatupad ng Bagong Hukbong Bayan kasabwat ang oposisyong pulitikal at mga disgustadong upisyal at tauhang militar.

Upang maging kapani-paniwala ang mga senaryong destabilisasyon na ito, ang Presidential Guard Battalion, ang AFP at ang PNP ay nagpalabas ng isang gawa-gawang plano na diumano'y tangkang asasinasyon ng BHB, una laban kay



National Security Adviser Norberto Gonzales, dating DND Secretary at ngayo'y hepe ng NAKTAF na si Angelo Reyes at Comelec Chairman Benjamin Abalos. Nitong huli, sina Arroyo at Poe ay target na rin umano ng asasinasyon ng BHB. Pinagtawanan lamang ni Poe ang paglulubid na ito at sinabi niyang hindi ang BHB kundi ang kampo ni Arroyo ang gustong pagulungin ang ulo niya. Sinabi niyang bahagi lamang ito ng malaking pakana para mahadlangan ang mga kasama niya sa kanilang koalisyon, ta-

kutin ang mamamayan at supilin ang mga protesta sa malawakang pandaraya sa eleksyon.

Pinakahuling maniobra ng pangkating Arroyo laban sa mga karibal nila ang pagsampa noong Hunyo 19 ng mga kasong kriminal laban sa mga abugado nina Poe at Loren Legarda. Para madaliin ang pagbibilang ng mga boto, hindi man lamang binigyan ng rasonableng panahon ang mga karibal sa pulitika ni Arroyo na makakuha ng mga kapalit na abugado. Pagkaalis na pagkaalis ng mga abugado, di-

nali-dali na ng mga tauhan ni Arroyo para matapos ang pagbibilang kinabukasan

Gayunpaman, ang lahat ng ito ay babalik at babalik sa rehimeng Arroyo. Lalo lamang nahihiwalay sa mamamayan ang pangkating Arroyo bunga ng pagsupil sa mga lehitimong protesta at sa oposisyon at pambabraso sa mga nasa minorya sa kongreso para maipilit ang panibagong panunungkulan ni Arroyo.

Patuloy na kumukulo ang sitwasyon sa pulitika. Dumarami ang sumasali sa mga protesta laban sa sistematiko at

malawakang dayaan at karahasan sa nagdaang eleksyon, sa pagmamadali ng pagbibilang ng kongreso at sa pagsusupil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Naipilit ang "pagkapanalo" ni Arroyo, ngunit ito'y isang panandalian at hungkag na pagkapanalo lamang. Di mawawala ang malawakang duda sa pagkakapanalo niya. Laging mananatiling mabuway ang kanyang paghahari. Hindi mapipigil ang mga unos ng protesta laban sa rehimen hanggang sa tuluyang mapatalsik ito.



Mga kaso ng pagpatay isinampa laban sa militar

umadagsa na sa mga upisina ng Joint Monitoring Committee (JMC) ang maraming kaso ng paglabag ng mga pwersa ng gubyerno

sa mga probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Tampok sa mga ito ang 51 kaso ng pamamaslang na isinagawa ng mga militar, pulis at paramilitar ng qubyerno.

Unang kaso. Unang-unang nagsampa sa JMC ng kasong pag-

paslang si Dee Batnag-Ayroso. Ang asawa niyang si

Honorio, kasapi ng Bayan Muna (BM), ay dinukot ng limang pinaghihinalaang elemento ng 71st IB sa Muñoz, Nueva Ecija noong Pebrero 9, 2002. Kasama niyang dinukot si Johnny Orcino, coordinator ng BM

OAFP-PNP

para sa Nueva Ecija. Hanggang ngayon ay nawawala pa ang dalawa.

Mindoro. Sinampahan si Briq. Gen. Jovito Palparan Jr.

ng mga kasong *murder* noong kumander pa siya ng 204th Bde sa Mindoro. Ang nagsampa ay sina Orly Marcellana, Roseann Gumanoy at Edilberto Napoles Sr., mga kamag-anak ng mga biktimang pinatay sa Mindoro sa utos ni Palparan. Si Orly ay asawa ni Eden

Pandaigdigang Araw ng Desaparecidos, ginunita

Ginunita nitong Hunyo 4 ng Desaparecidos, KARAPATAN, Ecumenical Movement for Justice and Peace, at Sons and Daughters of the Disappeared ang Pandaigdigang Araw ng Desaparecidos. Inaalala sa araw na ito ang mga dinukot ng mga pasista mula noong panahon ng diktadurang Marcos at mga kasunod na rehimen at di na nailitaw mula nang sila'y nawala.

Itinuturing na malaking bilang na ang 759 kataong nawala sa kasagsagan ng pamamasista ng diktadurang Marcos mula 1972 hanggang 1981.

Pero mas dumami pa ang kaso ng desaparecidos makaraang maibagsak ang diktadura at maibalik umano ang demokrasya sa bayan. Sa panahon ng rehimeng Aquino, umabot ang bilang ng desaparecidos sa 821 (batay sa ulat ng KARAPATAN) karamihan sa panahong pinairal ng rehimen ang

total war nito laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Tatlumpu't siyam katao naman ang nawala sa panahon ni Ramos at 26 katao sa panahon ni Estrada.

Sa tatlong-taong panunungkulan ni Gloria Arroyo, may naitala ang KARAPATAN na 38 desaparecidos. Labing-isa sa mga kasong ito ay nangyari sa loob lamang ng apat na buwang kasagsagan ng kampanyang elektoral mula Pebrero hanggang Mayo 2004.

May naidokumento rin ang KARAPATAN na 3,150 kaso ng paglabag sa karapatang-tao kung saan sangkot ang mga tauhang militar, pulis at paramilitar ng gubyerno. Mula Enero 21, 2001 hanggang Hunyo 1, 2004 naman, may naitalang 160 kaso ng pwersahang ebakwasyon na nakaapekto sa 15,096 pamilya at 112,664 indibidwal.

Tampok sa panahong ito ang pagpatay ng Armed Forces of the Philippines sa 200 katao noong 2003 nang walang katarungan at labag sa anumang prosesong hudisyal at ligal, ayon sa Amnesty International (AI). May naitala ang AI na sapilitang pagpapalikas ng 400,000 katao mula sa kani-kanilang lugar dahil sa mga operasyong militar laban sa mga rebeldeng Moro.

Samantala, nananatili pang nakapiit ang halos lahat sa mahigit 300 bilanggong pulitikal na iginigiit ng National Democratic Front na dapat palayain ng rehimen bilang confidence building measure ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa NDF. Mula nang ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan noong unang linggo ng Enero, 17 bilanggong pulitikal pa lamang ang napalalaya.

Marcellana, pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN-ST. Si Roseann ay anak ni Eddie Gumanoy, lidermagsasaka ng Southern Tagalog.

Sina Marcellana at Gumanoy ay dinukot at pinaslang ng militar noong Abril 2003. Si Edilberto Napoles Sr. naman ay ama ni Edilberto "Choy" Napoles Jr., ang BM coordinator ng Mindoro Oriental na pinaslang noong Marso 2002.



Sinampahan din nina Nympha Magsino at Edilberta Mañano ng hiwalay na kasong murder si Col. Fernando Masa, ang pumalit kay Palparan bilang kumander ng 204th Bde. Si Magsino ay hipag ng pinaslang na vice mayor ng Naujan, Mindoro Oriental na si Juvy Magsino. Si Mañano ay ina ng coordinator ng Anakpawis sa Mindoro Oriental na si Isaias Mañano. Parehong pinaslang ang mga biktima sa kainitan ng kampanyang elektoral ngayong 2004.

Umabot naman sa 36 na kaso ng pagpatay sa Mindoro Oriental ang isinampa ni Girlie Padilla, pansamantalang pangkalahatang kalihim ng Ecumenical Movement for Justice and Peace (EMJP), laban sa militar. Kabilang sa mga ito ang kaso ng pagpaslang kay Leonardo Rodriquez, isang organisador ng mga magsasaka.

Mawab Four Massacre at iba pa. Sampung kaso naman ang isi-

Dumadagsa na sa mga upisina ng Joint Monitoring Committee ang maraming kaso ng paglabag ng mga pwersa ng gubyerno sa mga probisyon ng CARHRIHL. nampa ni Ariel Casilao, pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN-Southern Mindanao sa ngalan ng mga biktima ng pamamaslang sa

> naturang rehiyon. Isa na rito ang kaso laban kay Lt. Col. Edgardo Gonzales, kumander ng 60th IB ng Philippine Army, na itinuturing na responsable sa "Mawab Four Massacre." Tinukoy siyang pasimuno sa pagsasalbeyds kina Godofredo Guim-

baolibot, Roland Jubajib, Engr. Edwin Asion at Mariano Diamante sa Mawab, Compostela Valley. Si Gonzales din ang itinuturing na

responsable sa "Laac Massacre" sa Davao del Norte at sa pwersahang pagpapalikas ng mga taumbaryo ng New Bataan, Compostela Valley.

Sumusunod ay ilan pang kasong isinampa ng KARAPA-TAN-Southern Mindanao:

► Laban kay Maj.

Nixon Fortes—kaugnay ng "Baganga Massacre" sa Davao Oriental noong Agosto 18, 2003. Kabilang sa mga biktima ang tatlong menorde-edad.

- ▶ Laban kay Col. Alen Capuyan, dating hepe ng Military Intelligence Group (MIG) kaugnay ng "Maco Four Massacre" noong 2003. Apat na kasapi ng Anak ng Bayan—sina Marjorie Reynoso, Lito Doydoy, Jonathan Benro at Ramon Ragare Jr.—ang dinukot at sinalbeyds ng militar sa Maco, Compostela Valley.
- ▶ Laban sa mga elemento ng paramilitar na pumaslang kay Benjaline Hernandez at tatlong iba pa noong Abril 2002 sa Arakan Valley, North Cotabato. Si Hernan-

dez, dating pangulo ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP) sa naturang rehiyon, ay upisyal ng KARAPATAN-Southern Mindanao nang siya ay paslangin.

Nagsampa rin ng mga kasong murder laban sa militar ang InPeace (Initiatives for Peace in Mindanao) sa ngalan ng mga biktima ng mga pambobomba sa Davao Domestic Airport at Sasa Wharf noong 2003.

SAMANTALA, sa Quezon, patuloy pa rin ang mga karumal-dumal na paglabag sa karapatang-tao na ang pangunahing target ay mga aktibista at myembro ng mga progresibong partido at organisasyon. Ang pinakahuling pangyayari ay noong

Hunyo 18 sa Pagbilao, Quezon kung saan pinaslang si Merle Catabay, isang 40 anyos na tagakampanya ng Bayan Muna. Malapitang binaril si Catabay ng dalawang pinaghihinalaang militar sa palengke ng Peninsula Homes Subdivision sa Barangay

Bukal. Ayon sa mga nakasaksi, tumakas ang mga salarin sakay ng isang puting *van* na walang plaka.

Sa panibagong karahasang ito, umabot na sa apat ang mga pinaslang na kasapi ng Bayan Muna sa Pagbilao nitong panahon ng eleksyon. Ang naunang tatlo ay sina Roger Perez, Belen Ysrael at Conrado Katigbak. Ang asawa ni Perez na si Cristina ay nakaligtas sa kamatayan nang silang mag-asawa ay pagbabarilin malapit sa kanilang bahay ilang araw bago ang eleksyon.

Pinagtangkaan din ang buhay ng apat na aktibista sa Pagbilao. May dalawa pang aktibistang dinukot at nawawala pa rin hanggang ngayon.

Panibagong anomalya sa AFP, nabunyag

Isa na namang anomalya ang nabunyag hinggil sa malawakang korapsyon sa loob ng Armed Forces of the Philippines. Sa pagkakataong ito, ang iskandalo ay hinggil sa suplay ng 97,257 pares ng mga combat boots para sa Philippine Army.

Nalantad ang anomalya nang magsampa ng reklamo ang Jodaar Cottage Industries nitong Mayo 31. Ayon sa kumpanya, imbes na sa Jodaar ibigay ang kontrata dahil ito ang nagbigay ng pinakamababang presyo ng combat boots (₱993.50 bawat pares), ibinigay ng Procurement Service of the Department of Budget and Management (PSDBM) ang kontrata sa Filboot Manufacturing Corp. na nagbigay ng pinakamataas na presyo (₱1,047 bawat pares). Dahil dito, umabot sa ₱101.8 milyon ang gastos ng AFP. Makatitipid sana ng ₱5,203,249.50 ang reaksyunaryong gubyerno kung sa Jodaar ibinigay ang kontrata.

Ayon kay Eduardo Opida, tagapangulo ng Inter-Agency Bids and Awards Committee ng PSDBM, iginawad ang kontrata sa Filboot dahil umano mas matibay ang yari ng combat boots nito kaysa Jodaar. Subalit ayon naman sa Jodaar, kwestyunable ang ginawang pagsubok umano sa mga combat boots dahil walang kinatawan dito ang kumpanya at ginawa lang ito matapos matukoy kung aling kumpanya ang nakapag-alok na ng pinakamababang presyo.

Isa sa mga inireklamo ng mga sundalong nag-aklas sa Oakwood Hotel noong Hulyo 2003 ang maraming anomalya sa mga kontrata kaugnay ng suplay ng mga kagamitan nila. Dahil dito, napilitang mag-order ng mga bagong kagamitang-militar ang Malakanyang. At sa halip na DND o AFP ang manga-

siwa sa proseso ng bidding, ibinigay ito sa PSDBM upang maiiwas umano ang DND at AFP sa mga pagkwestyon.

Nakumpirma ang mapagpasyang papel pa rin ng matataas na upisyal ng AFP sa paggagawad ng mga kontrata sa pagsuplay ng mga kagamitan para sa mga pwersa nito nang sabihin ng hepe nitong si Gen. Narciso Abaya na kaya pinili ang Filboot dahil "tradisyunal na tagasuplay" na ang kumpanya ng mga pangangailangan ng militar. Ang Filboot ay isa sa mga dati nang nagsusuplay ng mga mahal subalit mahihinang kalidad na combat boots na matagal nang inirereklamo ng mga sundalo. Tinukoy ng Jodaar na sa aktwal ay may sabwatan ang PSDBM at AFP Research and Development Center.

Nabunyag din na ang Filboot ay kabilang sa isang kartel ng mga kumpanyang nagsusuplay ng kagamitan di lamang sa AFP kundi maging sa pulisya. Lumalabas na pakitang-tao lamang ang ginagawang mqa bidding dahil bago pa man tukuyin ang kumpanyang gagawaran ng kontrata, mayroon nang kutsabahan at aregluhan ang matataas na upisyal ng AFP at PNP sa kartel na ito. Limpak-limpak na salapi ang nakukulimbat ng mga tiwaling matataas na upisyal ng militar at pulisya dito sa kapinsalaan ng nakabababang mga upisyal at karaniwang mga sundalo at pulis.

Ibinulgar din ng Nature Care Industries Philippines ang parehong karanasan nila sa mga bidding para sa pagsuplay ng bala sa AFP. Nagsampa ang Nature Care ng dalawang kaso laban sa mga upisyal ng AFP kaugnay ng mga maanomalyang transaksyon sa pagsuplay ng halagang P66 milyon na 105-mm bala ng kanyon at halagang P40 milyon na rocket-propelled grenades. Ayon



sa Nature Care, superyor sa iba at pinakamababa ang presyo nila pero tinanggihan ang alok nila dahil walang kikitain mula sa kanila ang mga upisyal ng militar. Sa halip, ibinigay ang kontrata sa iba na may depektibong produkto at mas mataas pa ang presyo. Marami pang ibang katulad na kaso ng anomalya sa sistema ng pangongontrata ng mga suplay para sa AFP.

Para pagtakpan ang mga anomalya, ikinalat ng Malakanyang na ang pagbubunyag ng reklamo ng Jodaar ay maaaring bahagi ng mga planong destabilisasyon laban sa gubyerno. Pinaratangan ni Carolina Hernandez, Presidential Adviser on the Feliciano Commission Recommendations na qumawa ng pagaaral sa mga usapin ng nag-aklas na mga sundalo sa Oakwood Hotel, na maaaring sinusubukan lamang ng mga nagsisiwalat ng iskandalo kung kakagatin ito ng mga sundalo at magbubunsod ng panibagong pag-aaklas sa hanay ng AFP.

Tingnan din ang artikulong Talamak na korapsyon sa AFP sa isyung Agosto 21, 2003 ng AB para sa karagdagang impormasyon hinggil sa mga anomalya sa loob ng mersenaryong sandatahang pwersa ng gubyerno.

Kampanyang anti-malarya ng BHB

Rasalukuyang isinusulong ang isang kampanya laban sa sakit na malarya sa mga lugar na kinikilusan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Isa itong kampanyang medikal, pang-edukasyon at pampulitika na sinimulan sa rehiyong Cagayan Valley noon pang 2001 at ngayo'y pinalalaganap sa iba't ibang panig ng Luzon. Sa hinaharap, balak din itong ilunsad sa Mindanao. Ang kampanyang ito ay pinangungunahan ng N5 o ng National Medical Staff ng BHB.

Ayon kay Ka Eloi, pinuno ng N5, sesentruhan ng kampanyang ito ang mga lugar na pinakalaganap ang sakit na malarya, kabilang ang Isabela sa Cagayan Valley, ang Mindoro at Palawan sa Southern Tagalog at iba't ibang lugar sa Central Luzon.



Ang malarya ay isang sakit na lubos na nakapipinsala sa mamamayan, nakasasagabal sa kanilang kabuhayan at umuubos ng kanilang rekurso. Marami ring mandirigma ng BHB ang nabibiktima ng malarya. May mga kaso ng paglitaw nito kung saan mabilis itong dumadapo at kumakalat sa mga magkakasama sa yunit o himpilan ng BHB. Nagpasya ang N5 na lalo pang pasiglahin ang kampanya laban sa malarya sa harap ng pagdami ng mga kaso nito sa hanay ng BHB at mamamayan.

Layunin ng kampanya na itaas ang syentipikong kaalaman ng mga Pulang mandirigma at mamamayan tungkol sa malarya, sa mga pampulitika at panlipunang dahilan kung bakit patuloy itong lumalaganap at hirap itong puksain ng umiiral na gubyerno, at sa pangangailangan ng komprehensibo rebolusyonaryong pagkilos upang lubusan itong masuqpo. Hangarin din ng kampanya na maisagawa ang mga hakbangin upang labanan ang mga epidemya at mabawasan ang bilang ng naaapektuhan ng sakit at namamatay mula rito.

Ang kampanya ay kinatatampu-

Ang sakit na malarya

Madali sanang gamutin ang malarya. Ngunit nananatili itong isa pinakalaganap na sakit sa Pilipinas. Umaabot sa 40,000 kada taon ang bilang ng dinadapuan ng sakit na malarya; 20-25% ng mga nagkakasakit ng malarya ay namamatay.

Ang malarya ay dulot ng alinman sa mga mikrobyong *Plasmodium* falciparum, *Plasmodium vivax* o *Plasmodium malariae*. Sa mga tipo ng malarya na karaniwan sa Pilipinas, 75% ay

dulot ng impeksyon ng *Plasmodium falciparum,* na karaniwang siya ring pinakanakamamatay.

Lumalaganap ang malarya sa pamamagitan ng kagat ng babaeng lamok na Anopheles. Nabubuhay ang lamok na ito sa temperaturang 16-30 sentigrado, karaniwan sa mga lugar na mahamog o maulan. Karaniwang nagsisimulang kumagat ang lamok na ito mula hatinggabi hanggang bukang-liwayway. Pinakalaganap ang pagkalat at pagtutuluy-tuloy ng epidemya ng malarya sa mga lugar kung saan malawakan at walang-pakundangang nawawasak ang mga gubat bunga ng sobrang pangangahoy at pamiminsala rito. Nasisira ang balanse ng kalikasan at bumabaling ang mga lamok na Anopheles sa pag-atake sa tao.

kan ng malawakang pagsasanay at pag-aaral sa hanay ng mga kasama at mamamayan, pagtutukoy ng ugat at ng mas pangmatagalang kalutasan ng problema, pagbibigay ng BHB ng kagyat na mga serbisyong medikal at pagpapakilos sa mamamayan sa pagsisikap na kontrolin ang kapaligiran. Isang bahagi rin ng pakikibaka ang paniningil sa mga pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno sa mga serbisyong pangkalusugan at iba pang saligang pangangailangan ng mamamayan.

Sa pangunguna ng N5, ang mga medik ng BHB sa antas ng rehiyon at larangan ay sumasailalim sa mga pagsasanay sa maagang pagtukoy at kaqyat na paqbibiqay-lunas sa sakit na malarya. Nitong Marso, matagumpay na inilunsad ang pagsasanay ng mga pangunahing medik ng BHB sa Central Luzon. Inaasahang mailulunsad ang katulad na pagsasanay sa Southern Tagalog sa loob ng kasalukuyang taon. Ang mga inisyal na sinanay ay inaasahang magpapalaganap ng kaalaman sa hanay ng karaniwang mga mandirigma at ng mamamayan.

Isa sa mga binibigyang-diin sa mga pagsasanay ay ang pag-aaral sa mga sintomas ng malarya na malaki ang pagkakahalintulad sa ibang sakit tulad ng tipos. Importante ang pagbibigay ng kagyat na lunas sa sakit na malarya upang iwasan ang paglala nito at paghantong sa nakamamatay na mga kumplikasyon.

Ang mga medik ng BHB ay tinuturuan ng microscopy o ng paggamit ng microscope upang masusing masuri ang dugo ng pasyente. Sa pamamagitan ng microscopy, makukumpirma ng mga medik kung anong parasito ang nagdudulot ng sakit sa pasyente. Sa tulong ng mga alvado, ang N5 ay nakapagsusuplay ng mga *microscope* sa mga klinikang pinangangasiwaan ng BHB. Ang mga makilos na yunit ng BHB ay sinuplayan at pinagdadala ng Rapid Diagnostic Test Kit bilang pansamantalang alternatibo sa microscope. Ang RDT ay kinabibilangan ng espesyal na papel na dinadampian ng dugo ng pasyente. Ang pag-iiba ng kulay nito ay nagsasaad ng presensya sa dugo ng parasitong nagdudulot ng malarya.

Sa mga lugar na may mga kaso o epidemya na ng malarya, ang mga yunit ng BHB ay naglulunsad ng mga serbisyong medikal mula sa pagsusuri sa mga pasyente hanggang sa libreng pamamahagi ng gamot sa mga biktima ng malarya.

Kaalinsabay ng pagbubuo ng mga organisasyong masa at pagsusulong ng mga demokratikong pakikibaka, pinakikilos din ang mamamayan sa mga kampanya upang linisin at kontrolin ang kapaligiran ng kanilang mga komunidad. Kabilang dito ang pagtitiyak na walang bagay o lugar na may tigil na tubig na maaaring pamugaran ng mga lamok. Ikinakampanya ang pagtatanim ng punong *nym* na nakatutulong sa pagtaboy ng lamok. Itinu-

Kaalinsabay ng pagbubuo ng mga organisasyong masa at pagsusulong ng mga demokratikong pakikibaka, pinakikilos din ang mamamayan sa mga kampanya upang linisin at kontrolin ang kapaligiran ng kanilang mga komunidad.



Pagpapabaya ng gubyerno

Hindi nasusugpo ng umiiral na gubyerno ang malarya dahil sa lubhang pagpapabaya nito sa mga serbisyong pangkalusugan. Matingkad na patunay nito ang
pagbuwag ng reaksyunaryong
gubyerno sa Malaria Control
Service limang taon na ang
nakararaan. Ito ang dating
sumusubaybay at gumagamot
sa sakit na malarya hanggang
sa antas baryo.

Ang pagharap sa problema ng malarya ay ipinauubaya na lamang sa iisang upisyal ng Department of Health. Dahil sa kakulangan ng badyet, nalilimita na lamang ang gawain nito sa pagsubaybay sa mga naiuulat na kaso ng malarya. Kulang na kulang ang gamot para sa malarya maging sa mga health center sa mga lugar kung saan malaganap ang sakit na ito.

turo sa mamamayan ang pagbababad tuwing anim na buwan ng kanilang mga kulambo at kurtina sa pyrethenoid compound, kemikal na pamatay ng lamok.

Kaakibat nito, tuluy-tuloy na pinalalalim ang mga ugat ng laganap na problema ng malarya at ang malalang sitwasyong pangkalusugan ng mamamayang Pilipino. Ipinatitimo sa kanilang kamalayan, na sa katuus-tuusan, ang pangmatagalang kalutasan sa malarya at sa iba pang mga sakit ay nakasalalay sa puspusang pakikibaka ng mamamayan tungo sa pagpapalit ng bago at rebolusyonaryong gubyerno at sistema sa naghaharing luma at bulok na gubyerno at sistemang panlipunan. ΑB



Mga tagumpay ng BHB sa Eastern Visayas

atuloy ang pag-ani ng tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pakikidigmang gerilya sa Eastern Visayas (EV).

Sa isang pahayag, sinabi ni Jose Sumuroy, tagapagsalita ng Efren Martires Command (EMC) ng EV, na sa sobrang desperasyon ng kaaway, palaging itinatago o kaya minamaliit nito ang mga balita hinggil sa mga opensiba at tagumpay ng BHB sa armadong pakikibaka. Nag-iimbento na lamang ang 8th ID ng sariling mga tagumpay.

Tinukoy ng EMC ang pag-ambus ng Orlan Colima Command ng BHB sa isang platun ng 52nd IB sa Amentacop, Borongan, Eastern Samar noong Mayo 5. Ni hindi umimik ang 8th ID tungkol dito, anang EMC. Dalawang sundalo ang namatay at isa ang nasugatan sa naturang pananambang. Nakumpiska rin ang isang M14, isang M16 at mga bala.

Sa kabilang banda, naglubid ng buhangin ang 8th ID nang ipangalandakan nito sa masmidya sa rehiyon na pito umanong Pulang mandirigma ang namatay nang salakayin ng mga tropa ng 20th IB ang isang kampo ng Rodante Urtal Command ng BHB sa Palanit, San Isidro, Northern Samar noong Mayo 6. Ang totoo, ani Sumuroy, maaga pa lamang ay nakaalerto na ang BHB sa presensya ng kaaway kaya na-

Suportado ng mamamayan ang BHB dahil alam nilang ito ang kanilang pangunahing instrumento para makamtan ang pambansa at panlipunang kalayaan at nagtataglay ito ng mataas na antas ng prinsipyo at disiplina.



50 armas nasamsam sa mga reyd ng BHB

T imampung armas ang nasamsam ng mga Pulang Lmandirigma sa apat na magkakahiwalay na reyd sa mga himpilan ng Philippine National Police (PNP) sa Agusan del Sur, Aurora, Iloilo at Davao del Norte. Isa ring ambus ang isinagawa ng BHB sa Quezon at isang reyd sa Compostela Valley sa panahong ito.

Davao del Norte. Dalawampu't apat na malalakas na armas at 2,000 bala ang nasamsam ng BHB sa pagsalakay sa himpilan ng pulis sa New Corella noong gabi ng Hunyo 20. Isang pulis ang namatay at isa pa ang nasugatan nang makipagbarilan ang mga ito sa 30 Pulang mandirigmang sakay sa tatlong van. Nagpanggap na mga tauhan ng Task Force Davao ng Philippine Army ang mga gerilya.

Sa Agusan del Sur. Sinalakay ng BHB sa pamumuno ng Northeastern Regional Command ang munisipyo ng Bayugan noong hapon ng Hunyo 19 at sinamsam ang tatlong M16 at tatlong M14.

Dalawang pulis ang napatay habang isa ang na-

Sundan sa "50 armas...," sa pahina 11

kapusisyon ito sa bentaheng lugar at nabiqo ang atake ng kaaway.

Binatikos din ni Sumuroy ang kawalan ng pagsaalang-alang ng kumander ng mga pasistang tropa sa kapakanan ng kanyang mga tauhan dahil paulit-ulit nivang pinasulong ang mga ito sa kabila ng malaking bentahe ng mga Pulang mandirigma at ng dami na ng mga kaswalting natamo ng mga sundalo. Walang namatay ni nasugatan sa mga gerilya.

Ayon kay Sumuroy, nakapananaig ang BHB maging sa mga depensibang labanan dahil sa mataas na antas ng diwang mapanlaban nito, sa taglay nitong disiplinang bakal, sa pagkakabisa nito sa tereyn at sa tinatamasa nitong suporta ng masang magsasaka.

Aniya, suportado ng mamamayan ang BHB dahil alam nilang ito ang kanilang pangunahing instrumento para makamtan ang pambansa at panlipunang kalayaan at naqtataqlay ito ng mataas na antas ng prinsipyo at disiplina. Sa kabilang banda, kinamumuhian ng mamamayan ang AFP dahil sa mersenaryong katangian at pasistang kahayupan nito bilang reaksyunaryong instrumento ng mga dayuhan at lokal na nagsasamantala at nang-aapi.



"50 armas...," mula sa pahina 10

suqatan sa labanan.

Sa Iloilo. Bandang 12:45 ng hapon noong Hunyo 15, sinalakay ng 50-kataong yunit ng BHB sa ilalim ng Napoleon Tumagtang Command-Southern Front ang munisipyo ng Tubungan. Nalalangan ang mga pulis at inakala nilang mga tropa ng Philippine Army ang mga Pulang mandirigmang bumaba sa dalawang pampasaherong dyip.

Huli na nang matanto ng mga pulis ang pangyayari. Agad na nagmaniobra ang mga gerilya ng BHB para salakayin ang munisipyo. Mabilis na pinasok ng walong tropa ng BHB ang gusali at pinadapa ang mga pulis. Nilapitan at dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang lahat ng pulis na nasa munisipyo, pati na yaong nagbibigay noon ng pagsasanay sa mga elemento ng Civilian Volunteers Organization (CVO).

Kasabay nito, pinasok ng walo pang gerilya ang himpilan ng pulisya sa likod ng munisipyo. Pagkatapos ng maikling labanan, nagapi ang 12 pulis doon. Samantala isang empleyado ang nagtamo ng mga minor na sugat dahil sa mga salaming naba-

sag ng mga granada. Nilapatan siya ng paunang lunas ng isang Pulang mandirigma.

Nasamsam sa mga pulis ang labing-anim na armas na kinabibilangan ng siyam na M16, dalawang M14, tatlong pistolang 9 mm, isang pistolang Super .38 at isang desabog. Kasama ring nasamsam ang isang radyong pangkomunikasyon.

Kauna-unahang pagsalakay ito sa munisipyo sa Panay mula nang mailunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Bago pa ang pagsalakay sa munisipyo, may ipinasang resolusyon ang Sangguniang Bayan ng Tubungan para sa pagbubuwag ng Reconnaisance Company ng 3rd Infantry Division na nakapakat sa lugar.

Sa Aurora. Apat na armas ang nasamsam at dalawang pulis ang napatay nang salakayin ng 15-kataong yunit ng BHB ang himpilan ng PNP sa Barangay South Poblacion, Dipaculao noong gabi ng Hunyo 12.

Nagpadala ng reimporsment ang militar ngunit nakaatras na ang mga Pulang mandirigma da-

la ang nasamsam na dalawang M16, isang pistolang 9 mm, isang Super .38 at mga bala.

Sa Quezon. Napatay ang isang sundalo ng Philippine Army habang malubhang nasugatan ang tatlo pang tropa nang tambangan sila ng BHB sa Barangay Nanadiego, Mulanay noong umaga ng Hunyo 16. Tumagal nang apat na oras ang labanan.

Sa Compostela Valley. Sinalakay ng isang platung gerilya ng BHB ang isang detatsment ng CAFGU sa Barangay Libay-Libay, Maco, Compostela Valley noong Hunyo 17.

Hepe ng pulisya sa Angat, Bulacan pinarusahan

Pinarusahan noong umaga ng Hunyo 7 sa Sta. Cruz, Angat, Bulacan si Supt. Tomas de Armas, hepe ng pulisya sa naturang munisipalidad.

Ayon sa pahayag ng Front Operational Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Eastern Bulacan, si de Armas ay isa sa mga pangunahing kaaway ng rebolusyonaryong kilusan sa Angat. Siya ang nagbuo ng malawak na lambat-paniktik sa naturang bayan at tuwiran niyang pinamunuan ang maraming operasyong militar laban sa BHB. Tampok dito ang pagsalakay ng pinagsanib na pwersa ng militar at pulisya sa isang platun ng BHB noong Marso 29, 2003 na nagresulta sa 14 na oras na labanan. Nagsimula ang sagupaan sa Barangay Pulong Yantok, Angat at natapos ito sa Barangay Siling Matanda sa karatig na bayan ng Pandi. Dalawang mandirigma ang nagbuwis ng buhay subalit pitong pwersa ng kaaway, kabilang ang isang chief inspector ng PNP ang namatay.

Dahil sa tinamo niyang kahihiyan, pinasabog at pinasunog ni de Armas ang mga bahay ng masa sa lugar pagkatapos ng labanan. Isa ring lokal na lider, si Jose "Ka Fidel" Manabat ang kanyang ipinahuli at ilang araw na pinahirapan sa isang safehouse ng yunit paniktik ng PNP sa Angat hanggang sa tuluyan itong mamatay.

Nakinabang si de Armas sa porsyentong kanyang hinihingi mula sa isang sindikato sa iligal na droga na may operasyon mula sa Barangay Binagbag, Angat hanggang sa bayan ng Baliwag.

Isa rin siya sa pinakamalalaking protektor ng iligal na sand quarrying sa Angat River na lubhang mapaminsala sa mamamayan sa luqar.



William Hinton, pinarangalan

PINARANGALAN ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng National Democratic Front of the

Philippines (NDFP) bilang dakilang proletaryong internasyunalista si William Hinton. Namatay si Hinton noong Mayo 15.



Nakilala si Hinton sa kanyang matatag na paglahok sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Tsino at pagdokumento ng kanilang mga tagumpay sa pagpupundar ng sosyalismo. Mula sa kanyang ilang taong pakikisalamuha sa isang nayon sa China noong dekada 1940, isinulat niya ang Fanshen: A Documentary of Revolution in a Chinese Village. Noong 1971, isinulat niya ang Shenfan: The Continuing Revolution in a Chinese Village.

Mahigpit na tinutulan ni Hinton ang panunumbalik ng kapitalismo sa China sa ilalim ng rehimen ni Deng Xiao Peng. Kaugnay nito, isinulat ni Hinton noong 1990 ang The Great Reversal: The Privatization of China, 1978-1989 na naglarawan kung papaano binaligtad ang mga tagumpay ng dakilang rebolusyong pangkultura sa China at napawi ang maraming tagumpay ng sosyalismo sa ilalim ng pamumuno ni Deng.

Noong 1997, isa si Hinton sa mga dayuhang kaibigan ng mamamayang Pilipino na lumahok sa Anti-APEC Conference at kaakibat na mga anti-imperyalistang aksyong masa sa Pilipinas.

Implementasyon ng "Bridge Program", iniurong

DAHIL sa malakas na pagtutol ng League of Filipino Students (LFS)-High School, Alliance of Concerned Teachers (ACT), mga magulang at iba pang sektor, napilitan ang Department of Education (Dep-ED) na iurong noong Hunyo 8 ang pagpapatupad ng "bridge program" sa pagbubukas ng klase. Batay sa "bridge program," kukuha ng



isang taong "remedial" na pag-aaral sa Ingles, Syensa at Matematika ang may 700,000 mag-aaral o kalahati ng 1.4 milyong gradweyt ng elementarya.

Ayon sa mga nagprotesta, ibayong pasaning pinansyal para sa mga magulang ang dagdag na isang taong pag-aaral. Hindi rin nito nilulutas ang mas pundamental na suliranin ng kabulukan ng buong sistemang pang-edukasyon bunga ng maling mga prayoridad ng reaksyunaryong gubyerno. Sa pambansang badyet para sa 2004, halimbawa, 31% ang inilaan para sa serbisyo sa utang habang 12% lamang ang para sa edukasyon. Bunga nito, mahigit 90% ng mga gradweyt ng elementarya ay hindi handa na pumasok sa hayskul.

Ekstensyon ng "security wall" ng Israel, napatigil

NAPILITAN ang gubyernong Israeli na pansamantalang ipatigil noong Hunyo 16 ang konstruksyon ng ekstensyon ng "security wall" ng Israel sa loob ng teritoryo ng Palestine. Ang pagpapatigil ay bunga ng mga protesta ng mamamayang Palestino at kanilang mga tagasuporta.

Mula Hunyo 6, araw-araw na nagrali ang mga Palestino, kasama ang mga aktibista mula sa International Solidarity Movement at mga tagasuporta mula sa Israel mismo, upang pigilin ang pagtatayo ng bakod na mas tatagos sa teritoryo ng Palestine sa West Bank. Araw-araw na tinangka ng mga sundalong Israeli na buwagin at paatrasin ang hanay ng mga nagpoprotesta, gamit ang tirgas, mga buldoser, baril at maging mga kanyon. Ayon sa Palestine Media Center, hindi bababa sa 70 katao na ang nasugutan sa mga sagupaan. Apat na Palestino, kabilang ang isang 13-anyos na bata, ang binaril ng mga sundalong Israeli habang nagdedemonstrasyon.

Ang iniatras ay ang ekstensyon lamang at patuloy na nagmamatigas ang Israel sa pagtatayo ng buong "security wall" ayon sa orihinal na plano nito. Ito'y sa kabila ng malawakang pagkundena ng mamamayan at iba't ibang organisasyon at institusyon sa Palestine, sa mga bansang Arabo at sa daigdig. Ang malaking bahagi ng "security wall" ay nag-aalis sa Palestine ng halos kalahati na ng teritoryo nito sa West Bank at iba pang bahagi ng Palestine, dala ang maraming produktibong sakahan at sentro ng komersyo ng mga Palestino. Balak tayuan ito ng mga komunidad ng mga Isareli, kabilang na ang mga lilipat mula sa Gaza Strip ng Palestine.



Taon XXXV Blg. 12 Hunyo 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Lumalalang krisis pangkabuhayan

COPRA

M atitindi ang hagupit ng lalong lumalalang krisis pangkabuhayan sa Pilipinas, laluna sa panig ng masang anakpawis.

Mabibigat na bigwas ang dulot sa mamamayan ng kamakaila'y sunud-sunod at walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga saligang pangangailangan.

laga upang mabuhay nang di-

sente sa araw-araw. Samantala, nakapako ang napakababa

na ngang sahod ng

Palaki nang palaki ang kinakailangang ha- Palaki nang palaki ang kinakailangang ha-

mga manggagawa at kapos na kapos ang kita ng mga magsasaka at iba pang anakpawis.

Nitong Hunyo 17, itinaas na naman nang ₱1.70 kada kilo ang presyo ng liquefied petroleum gas (LPG). Pagkatapos ng eleksyon, dalawang beses itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng gasolina

at krudo. Hindi pa nasasapatan sa pito hanggang walong ulit nang pagtataas sa presyo ng mga produkto nila sa loob ng taong ito, balak na naman nilang muling magtaas ng presyo

pagpasok ng Hulyo.

Patuloy naman ang pagtatangka ng Meralco na itaas ang singil sa kuryente. Ito ay sa kabila ng pagdedeklara ng Korte Suprema na naging abusado ang Energy Regulatory Commission (ERC) at iligal ang inaprubahan nitong 12 sentimo kada *kilowatt-hour* na pro-

bisyunal na pagtataas sa singil ng MERALCO mula Nobyembre 2003. Bukod pa ito sa

13.7 sentimo/kwh na idaragdag sa singil ng MERALCO mula Hulyo at sa 14-38 sentimo/kwh na karagdagang singil ng NAPOCOR para sa isinusuplay nitong kuryente sa MERALCO at iba pang *distributor*. Ipapabalikat pa rin ito sa publiko sa pamamagitan ng dagdag na bayarin sa kuryente.

Nakaamba ring itaas ang singil sa serbisyo sa tubig. Mula nang ipatupad ang deregulasyon at pribatisasyon ng *public utilities*, aabot na nang mahigit 500% ang pagtaas ng mga singil dito.

Bukod pa sa mga ito, balak magpataw ang re-

Mga tampok sa isyung ito...

Mga kaso ng pagpatay isinampa laban sa militar

PAHINA 5

Panibagong anomalya sa AFP, nabunyag
PAHINA 7 Kampanyang anti-malarya ng BHB PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **pahina 13**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*